MotoLyrics

MotoLyrics.com

Biggest, regularly updated and free lyrics database

# Francis M.
# "Nilamon Ng Sistema"

Visit "Nilamon Ng Sistema" on MotoLyrics.com

Merong akong kilala ang pangalan ay pamela,
naghahanap ng trabaho lumuwas
Siya ng maynila, ako'y nag-alala sapagkat hindi niya
nalalaman na ang buhay
Sa maynila ay 'di basta-basta lang, mga buwitre ang
nagliliparan lumilipad
Sa may siyodad nag-aantay na lamang, bubot inosente
batang-bata wala pang
Bente katorse anyos lang at marami ng kliyente, niloko
siya ng rekruter
Hinamak at wanasak ang kanyang kinabukasan ay
tuluyan ng nawarak

Ito naman ang istorya nang isang batang gumagala,
sampung taong gulang
Palang nagka-hinahinala, ang kilos ng musmos dahil
lasing nanaman si itay
At siya'y pinag-buhatan ng kamay, si inay nagsusugal
doon sa madyungan
Napakasakit kapag walang humahagkan, lumayas sa
kanila at nag-alsabalutan tumambay kasama ng mga
istambay sa lansangan, diyan sa kanto sumasama
kahit
Kanino isipin ninyo kung sino ang may sala dito

Ang ating kababaihan ay nagsisiliparan patungo sa
ibang bansa saan sa japan
Matulungan lamang mai-ahon sa kahirapan ang
pamilyang umaasa sa kanila lamang
Ilan sa kanila ang umuwing luhaan inabuso, minaltrato
at saka sinaktan tigilan
Na ang ganitong paraan nangpamumuhay ng ating
kababaihan, masisi ba sila o
Dapat kaawan kasalanan ba nila o kasalanan ng bayan

Visit Francis M. page on MotoLyrics.com, to get more lyrics and videos.